# ANO ANG GAGAWIN SA PAGHIHINTAY?

## A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni:  Sis. Mikmik R. Flores (Head Servant)

Agosto 8, 2026

Ang panahon ng paghihintay ay hindi kailanman parusa ng Diyos; sa halip, ito ang Kanyang paraan ng pagpapakita sa atin ng Kanyang pagmamahal, awa, at pakikiramay kahit pa sa kabila ng ating pagsuway. Ginagamit ng Diyos ang panahon ng ating paghihintay upang makuha ang ating atensyon, upang bumalik tayo sa Kanya,  at ibalik ang tila walang pag-asang sitwasyon sa isang reyalidad na kailangan nating lahat ang presensya ng Diyos. Kaya naman, habang binababagyo ang ating buhay, ito ang oras upang tayo ay manalangin at magtiwala na hahanguin Niya tayo mula sa hukay.




1. **ANG KWENTO NI JONAS**
   1.1. **Hindi sinunod ni Jonas ang Diyos** *(Jonas 1:3 NIV)*. Sinabi ng Diyos kay Jonas na pumunta sa Nineveh, ngunit tumakbo siya palayo at sumakay sa isang barko patungo sa opposite na direksyon.
   1.2. **Nagpadala ang Diyos ng malakas na unos** *(Jonas 1:4 NIV)*. At naisip ni Jona ang kanyang pag-suway at sinabi sa mga marino na itapon siya sa dagat. Nang siya'y inihagis, biglang pumayapa ang dagat.
   1.3. **Naglaan ang Diyos ng isang malaking isda upang lunukin si Jona** *(Jonas 1:17 NIV)*. Nanatili siya ng 3 araw at 3 gabi sa loob ng isda. Dahil hindi niya matakasan o makontrol ang kanyang sitwasyon, lumapit na siya sa Diyos. Ang tila parusa ay naging pagkakataon  ng muling pakikipag-ugnayan niya sa Diyos.
   1.4. **Binigyan ng Diyos si Jonas ng isa pang pagkakataon.** *(Jonas 2:10 NIV)*. Pagkatapos ng tatlong araw na paghihintay, ang Diyos ay nagsalita sa isda, at iluwa si Jonas sa dalampasigan. Hindi siya pinabayaan ng Diyos; Ginamit Niya ang panahon ng paghihintay, upang mabigyan siya ng isa pang pagkakataon.
2. **KATOTOHANAN MULA SA KWENTO NI JONAS**
   2.1. **Minsan, ang tinatawag nating problema ay probisyon ng Diyos**. Ang akala ni Jonas na katapusan na niya ay naging probisyon ng Diyos. Ang isda ay paraan ng Diyos upang makuha ang atensyon ni Jonas at ipaalala na kailangan niya ang Diyos. Ang probisyon ng Diyos  ay hindi laging komportable, minsan ginagamit Niya ang mga pagsubok sa buhay.
   2.2. **Ang Diyos ay hindi nagpaparusang Diyos.** Nakaranas si Jonas ng matinding kadiliman, kawalan ng comfort at kahirapang huminga. Kayang gamitin ng Diyos ang mga pagsubok upang mas mapalapit tayo sa Kanya.
   2.3. **Ang kawalan ng kakayahan ay hindi ibig sabihin kawalan ng pag-asa.** Hindi mailigtas ni Jonas ang kanyang sarili o makontrol ang susunod na pangyayari. Kapag hindi na natin maayos ang ating sitwasyon, maaari tayong lubusang umasa sa Diyos.
   2.4. **Nauuna ang papuri bago ang himala/probisyon.** Pinuri ni Jona ang Diyos bago siya iniluwa ng isda. Hindi natin kailangang maghintay na mabago ang sitwasyon bago magpuri sa Diyos. Maaari tayong magpuri habang naghihintay, nagtitiwalang gumagawa Siya ng paraan kahit hindi pa natin nakikita.
   2.5. **Habang tayo ay naghihintay, gumagawa pa rin ang Diyos.** Habang nananalangin si Jonas nang may pasasalamat at papuri sa loob ng isda, inihahanda na ng Diyos ang kanyang daan palabas.  Kapag naghihintay tayo sa Diyos, magtiwala tayo na kasama natin Siya.
3. **ANO ANG DAPAT NATING GAWIN HABANG NAGHIHINTAY?**
   3.1. **MAGDASAL.** *(Jonas 2:1-3; 6 NIV)*. Kapag tayo ay natatakot, manalangin tayo sa halip na mag-panic o subukang kontrolin ang lahat. Pinakikinggan tayo ng Diyos at sumasagot sa Kanyang paraan at sa Kanyang panahon.
   3.2. **MAGPURI** *(Jonas 2:9-NIV)*.  Hindi na kailangan maghintay ng himala bago magpuri. Maaari nating purihin ang Diyos sa gitna ng ating paghihintay, habang nagtitiwala na gumagawa Siya kahit hindi natin ito nakikita.
   3.3. **GAWIN ANG MGA BAGAY NANG TAMA** *(Jonas 2:9-10-NIV)*. Ang panahon ng paghihintay ni Jonas ay nagbigay sa kanya ng realisasyon ng kanyang pag-suway, bumalik sa Diyos, at sumuko sa Kanyang kalooban. Kaya, ang panalangin at pagpupuri ay dapat sundan ng pagsisisi at pagsunod.

**KONKLUSYON:**

Maaaring hindi natin kayang makontrol ang "**ano", "bakit", o "kailan"** ng ating panahon ng paghihintay, ngunit maaari nating piliin ang ating ginagawa habang tayo ay naghihintay:  **MAGDASAL. MAGPURI. MAGSISI at GUMAWANA NG TAMA**

Ang paghihintay ay maaaring mahirap, ngunit hindi kailanman nasasayang; inilalapit tayo nito sa Diyos.

**PAGNINILAY:**

1. Ano ang pinahintulutan o ipinadala ng Diyos sa iyong buhay ngayon para makuha ang iyong atensyon?
2. Paano Niya ipinaalala sa iyo ang Kanyang pagmamahal, awa at habag?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento
Na-edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #Dasal #Papuri#Gumawa ng Tama, #Magsisis
https://lordsflock.org/teachings/digests/
https://www.facebook.com/share/v/1FdN8zQR1Z/